

Mga Mapipilian sa Pagbabayad

Mga Mapipilian sa Pagbabayad ng Pederal na Pautang sa Mag-aaral

Mayroon kang natatanging mga mapipilian upang pangasiwaan ang pagkakautang na pederal na pautang samag-aaral.

Mga Plano sa Pagbabayad Batay sa Kita

Ex: REPAYE/ Pay As You Earn (Magbayad Habang Kumikita Ka)

Halaga ng Pagbabayad: 10% ng iyong pagpapasyang kita Panahon ng Pagbabayad: 20 mga taon (25 mga taon para sa mga pautang ng nagtapos sa REPAYE); ang natitira ay pinatawad

Karagdagang Pagsasaalang-alang: Dapat magpakita ng bahagyang paghihirap, Kahihinatnan ng buwis.

EX: Pagbabayad batay sa Kita

Halaga ng Pagbabayad: 15% ng pagpapasyang kita (10% kung hiniram pagkatapos ng Hulyo 1, 2014)

Panahon ng Pagbabayad: 25 mga taon (20 mga taon kung hiniram pagkatapos ng Hulyo 1, 2014) ang natitira ay pinatawad

Karagdagang Pagsasaalang-alang: Dapat magpakita ng bahagyang paghihirap, Kahihinatnan ng buwis.

Pagsasama-sama ng Pederal na Pautang

Halaga ng Pagbabayad: Nag-iiba-iba (Ibinababa ang buwanang pagbabayad sa pagpapahaba ng termino)

Panahon ng Pagbabayad: 30 mga taon

Karagdagang Pagsasaalang-alang: Maaaring mawala ang mga benepisyo sa orihinal na utang

Unti-unting Pagbabayad: isang plano kung saan nagsisimula ang iyong mga pagbabayad nang mas mababa at unti-unting tumataas sa paglipas ng panahon

Pinahabang Pagbabayad: isang plano kung saan nagbabayad ka nang mas mababa sa baw't buwan nguni't pinapahaba ang buhay ng iyong pautang sa mas mahabang panahon

Mga Pagdidiskarga ng Batas: Pagpapatawad sa utang ng pampublikong serbisyo, Pagpapatawad sa utang ng guro, Kabuuan at permanenteng kapansanan, Kamatayan (may mag-aaplay para sa iyo, Saradong paaralan.

TANDAAN: Ang hindi pagbabayad ng mga pederal na pautang sa mag-aaral ay maaaring magresulta sa mga malubhang kahihinatnan. Kung pumalya ka na gumawa ng mga pagbabayad sa iyong mga pautang sa mag-aaral sa loob ng **270 mga araw**, ang iyong mga pautang ay pupunta sa katayuang ng **DEFAULT (PAGPALYA SA PAGBABAYAD)** at ipapadala sa isang **kolektor ng utang**. Ang pamahalaan ay maaring bawiin ang bahagi ng iyong suweldo o mga pederal na benepisyo at iulat ang iyong mga pautang bilang default sa mga ahensya ng kredito. Maaari ka ring mawalan ng paggamit sa karagdagang pederal na tulong sa mag-aaral, o ng kakayahang pumasok sa pagpapaliban o pagpipigil o pumili ng isang plano sa pagbabayad.

Pagbabayad sa Pribadong Pautang ng Mag-aaral

Ang mga pribadong pautang sa mag-aaral ay hindi nag-aalok ng maraming mga mapipiliang pagbabayad bilang pederal na pautang sa mag-aaral. Kung hindi mo magawa ang iyong mga pagbabayad, ang pagkakautang ay susunod sa isang daan na katulad ng iba pang pagkakautang ng mamimili (tulad ng utang sa kredit kard).


Delingkuwensya: Ang nanghihiram ay huli sa isang pagbabayad.

Charge-Off: Pagkatapos ng 120 o 180 mga araw, inuulat ng tagapagpahiram ang utang bilang pagkawala para sa mga layunin ng accounting. Ang nanghihiram ay mananagot pa rin sa utang.

Pagbebenta sa Mamimili ng Utang: Ibebenta ang utang ng orihinal na nagpapahiram sa bumibili ng utang nang mas mababa kaysa sa balanse ng utang.

Demanda: Ang may-ari ng utang (ang orihinal na tagapagpahiram o bumibili ng utang) ay idedemanda ang nanghihiram.

Paghahatol: Ang paghatol sa korte ay maaaring magresulta sa pagbabawas ng iyong suweldo o isang



Pagpapalano at Pagbabayad para sa Kolehiyo: Pederal kumpara sa Pribadong Pautang ng Mag-aaral

HERA

housing and economic rights advocates

P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604

Phone: 510-271-8443 ext. 300

Fax: 510-868-4521

E-mail: inquiries@heraca.org

www.heraca.org

Ang mga pautang sa mag-aaral ay alin sa pederal o pribado. Maaaring kumuha ng mga pautang ang mga mag-aaral upang pondohan ang natitirang gastos sa kolehiyo pagkatapos ng anumang mga iskolarsip, mga kaloob, o iba pang mga mapagkukunang pampinansiyal na tulong na hindi kailangang bayaran. Ang mga pautang sa mag-aaral ay kailangang bayaran nang may interes.

Mga Halimbawa ng Pederal na Pautang sa Mag-aaral

Mga Direktang Pautang

Federal Family Education Loan Program (FFEL)

[Programa ng Pederal na Pautang sa Edukasyon ng Pamilya

Perkins

Kabilang ang mga Pautang ng Stafford, Pantulong na Salapi, Di-pantulong na salapi, PLUS

Mga Halimbawa ng Pribadong Pautang sa Mag-aaral

Mga Pautang mula sa mga Bangko at mga Nagpapahiram (Mga Pautang ng Discover Student Sallie Mae [gumaganap din bilang isang tagapagbigay-serbisyo para sa Pederal na Pautang])

Mga Pautang mula sa mga Paaralan

Ang mga Pederal na pautang sa mag-aaral ay may maraming mga pakinabang kaysa sa mga pribadong pautang sa mag-aaral. Sa pangkalahatan mas mahusay na ituloy ang lahat ng mga mapipilian para sa pederal na tulong sa mag-aaral bago pumasok sa isang pribadong pautang.



Mga Pederal na Pautang ng Mag-aaral
Nakapirming porsiyento na interes - karaniwang mas mababa kaysa sa mga pribadong pautang at mga kredit kard.

Walang pagsusuri ng kredito o kinakailangang isang kasamang tagapirma (ang eksepsyon: mga Direct Plus na pautang)

Walang pagbabayad hanggang pagkatapos mong umalis sa kolehiyo o tumigil ng mababa sa kalahating panahon.

Maaaring bayaran ng pamahalaan ang interes sa ilang mga uri ng pautang habang ikaw ay nasa paaralan at sa ilang mga oras pagkatapos ng paaralan kung mayroon kang pinansiyal na pangangailangan.

Pagbabayad na may kakayahang umangkop at pinatatakbo ng kita na mga plano at mga mapipilian upang ipagpaliban ang iyong mga pagbabayad sa utang kung nagkakaproblema ka sa mga pagbabayad.

Ang pagpapatawad sa pautang para sa mga nangungutang na nagtatrabaho para sa pamahalaan o ilang mga di-pangkalakal na organisasyon pagkatapos ng mga 120 na kwalipikadong pagbabayad.

Ang mga pagdiskarga ng utang ay makukuha sa ilalim ng ilang mga pangyayari, tulad ng permanenteng kapansanan

HERA is a not-for-profit legal services organization dedicated to economic justice. For additional information or to request assistance, please contact us at inquiries@heraca.org or (510) 271-8443 ext. 300

Mga Pribadong Pautang ng Mag-aaral
May posibilidad na maging mas mataas ang mga porsiyento ng interes kaysa sa pederal na pautang sa mag-aaral.

Ang pagiging karapat-dapat ay nakasalalay sa iyong marka ng kredito.

Ang ilang mga nagpapahiram ay nangangailangan ng **mga pagbabayad habang ikaw ay nasa paaralan pa.** Ang mga pribadong pautang ay **walang pagpapatawad sa utang o mga programa sa pagbabayad na nakabatay sa kita.** Ang mga ito ay makukuha lamang para sa mga pederal na pautang sa mag-aaral. Ang pagkakautang sa pribadong pautang sa mag-aaral ay **itinuturing na katulad ng ibang pagkakautang ng mamimili**, tulad ng pagkakautang sa kredit kard (tingnan ang pahina 2).



Kung nais mong karagdagang payo tungkol sa pagpili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa sa iyong pagkakautang sa pautang ng mag-aaral, maaari ka ring makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: inquiries@heraca.org www.heraca.org